

28 Real estate Appraiser

Gusto kong ibenta ang bahay at lupa ko, gusto kong palitan, at gustong humiram ng pera at gamiting kolateral ang bahay at lupa. Sa mga ganitong pagkakataon kinakailangan dito ang tamang appraisal mula sa real estate. Para malaman ang tamang value ng lupa at bahay. Sa pagbibigay ng tamang presyo sa lupa, bahay o gusali, ang tanging makapagbibigay ng assessment certificate ay ang real estate appraiser.


Dumarami na ang mga dayuhang naninirahan ng matagal sa Japan at dumarami na rin ang mga bumibili ng bahay.

At alin sunod dito, kung may real estate appraiser sana na makakapagsalita ng salita ng dayuhan, tiyak na magiging malakas at panatag ang ang loob ng mga ito.

Maaring tumanggap ng konsultasyon mula sa indibidwal o kompanya at maaring makibahagi sa mga public project para sa pagpapaganda at pagpapaunlad ng munisipalidad.



Para maging isang real estate appraiser



<Maagang preparasyon>

Sa trabahong ito kinakailangan na magkaroon ng lisensya ng pagiging real estate appraiser. Para magkaroon ng lisensya, kinakailangang makapasa ng national board exam para dito. Nabibilang ito sa mga mahihirap na eksaminasyong katulad ng bar exam at certified public accountant. Taon 2014, 11.3% lang ang nakapasa. Sa buong bansa tanging 7,000 katao lang pumasa at ang trabahong ito ay kinukunsidera na mahalagang asset sa Japan. Kinakailangan ang talino, kaalaman sa batas at Japanese language.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Bilang isang real estate appraiser, maaring magtrabaho sa mga pangkaraniwang business firm bilang isang appraiser o kaya naman ay sa mga trust and bank company, development company, life insurance company, casualty insurance company at iba pa. Maaari din magtayo ng sariling real estate appraiser agency. Depende sa lugar na pinapasukan ang magiging halaga ng suweldo. Ang average na suweldo ay 9,000,000 yen at sa mga may sariling opisina at may natatanging abilidad, maaring umabot sa 10,000,000 yen ang suweldo.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), private university mahigit 4,000,000 yen (4na taon). Sa pagiging isang real estate appraiser, nirerekomenda na kumuha ng kurso sa kolehiyo tungkol sa batas dahil kinakailangan na may alam tungkol sa batas.

